③ Pamamaraan pagkatapos ng kompulsaryong edukasyon

Nagtatapos ang kompulsaryong edukasyon pagkaraan ng graduation sa junior high school. Pag-uusapang mabuti ng magulang at anak kung ano ang gagawin pagkatapos ng pag-aaral.



※ Correspondence System: Pangunahing pag-aaralan ang mga subjects sa bahay. Mag-aaral na gamit ang textbooks, at magbibigay ng report. Papasok sa paaralan, at patuloy na kukuha ng entrance examination. Mag-aaral ng higit sa 3 taon. Makakapagtapos ng pag-aaral kapag nakakuha ng kinakailangang units. Mayroong Correspandence Course sa Shizuoka Kenritsu at Sa Shzuoka Chuo Senior High School.

Uri ng Senior High School

Senior High School

Public Senior High Sch…Shizuoka Prefectural Senior High Sch. At Shizuoka Prefectural Senior High Sch.

Private Senior High Sch… Itinatag ng mga pribadong samahan

Iba’ t ibang klase sa Senior High School

- Karaniwang klase…Mas malalim ang nilalaman ng pag-aaralan mula sa Junior High School
- Specialized Subjects… Commerce (Shizuoka Prefectural Commercial Senior High Sch., at iba pa)
  Agriculture (Shizuoka Prefectural Agricultural Senior High Sch.)
  Industry (Shizuoka Prefectural Industrial Senior High Sch.)
  Iba pa (English Mathematics Course, Science Mathematics Welfare Course, Domistic Science Information course at iba pa)

Sa bawat paaralan pinag-aaralan ang mga kaalaman para maging espesiyalista.

Makakahingi ng mga polyeto ng bawat paaralan sa homeroom teacher ng Junior high school. Sa buwan ng Agosto makakapasok ng 1 araw sa Pampublikong Senior high school.

(Para lamang sa mga 3rd year Junior high school.)

Sa mga Pribadong Senior high school isinasagawa naman ng ilang beses ang orientation para sa mga magulang at mag-aaral.

【Ang pagkakaiba ng Klase sa Araw at Klase sa gabi】※Ang sumusunod ay karaniwang halimbawa:

Klase sa araw …8:30 ～ 16:00

50 minutos bawat klase　6 oras ng pagkaklase sa 1 araw

Makakapagtapos sa loob ng 3 taon

Klase sa gabi… Makakapag-aral sa high school habang nagtatrabaho.

Kursong makakapagtapos sa loob ng 3 taon

16:00 ～ 21:00　45 minutong klase　1 araw - 6 na oras na pagkaklase

Kursong makakapagtapos sa loob ng 4 taon

18:00 ～ 21:00　45 minutong klase　1 araw - 4 na oras na pagkaklase

Senior High school sa Lungsod ng Shizuoka Klase sa Gabi (School Year 2008)	
Shimizu Higashi Senior High School	Shizuoka Senior High School
Shizuoka City Public Senior High School	Science and Technology Senior High School

Technical College

Kurso upang maging espesiyalista sa Industrial, Commercial Practice, Cooking, Barber, Cosmetics & Hairdresser college. Makakapagtapos sa loob ng 1 ~ 3 taon

Sa pagpasok sa Senior High Sch.

Kailangang kumuha ng entrance examination para makapag-aral sa Senior High School (Pebrero - Private)　(Marso - Public)

Dagdag pa, pinagpapasiyahan kung pasado o hindi sa pamamagitan ng pagsa-alang alang ng kabuuan ng mga bagay na nakasulat na papeles na ibinibigay sa senior high school kagaya ng marka sa pag-aaral sa Junior high school, ang pamumuhay, club activities at iba pa.

Sa Junior high school ay mayroong　polyeto ng mga Senior High School at papeles tungkol sa sistema ng entrance examination. Humingi ng payo sa homeroom teacher sa pagpasiyang mga susunod na pamamaraan.

Mas malaki ang gagastusing halaga sa pagpasok sa Pribadong Senior High School at Technical college kaysa Pampublikong Senior High School.